# Nasaan ang Hiya sa Etika ng Pananaliksik? Lapat ng Pagpapakatao at Lapit ng Pakikipagkapuwa sa Pagsasagawa ng Pananaliksik sa Agham Panlipunan/

# *Where is Hiya in Research Ethics? Being Humane and Extending the Self in Doing Social Science Research*

Roberto E. Javier Jr.
De La Salle University, Manila, Philippines
roberto.javier@dlsu.edu.ph

Ilang kabahalaan at usaping kaugnay ng etika sa pagsasagawa ng panlipunang pananaliksik ang pinapaksa ng papel na ito. May ilang kalituhan na kailangang talakayin tungkol sa mismong patakaran at alituntunin sa kung aling pagpapasiyahang pag-aaral ang may etika o wala lalo na't kung ito'y popondohan. Kagyat ng kapasiyahang ito ang paglalabas ng clearance na kinatigang may etika ang isang pag-aaral upang patibayin rin ang halaga nito sa paglalathala ng kinahinatnan ng pananaliksik. Kamakailan, isinainstitusyon ang proseso ng rebyu sa etika ng pananaliksik sa mga unibersidad upang matulungan ang mga nasa lalong mataas na edukasyon na makapanaliksik na ang kiling ay sa kapakanan ng kalahok, sa katotohanan, kawastuhan, at katuwiran. Bukod diyan, may mga pananaliksik-panlipunan at siyentipiko na hindi mawari kung paanong ilalapat ang mga tuntunin sa pagtatasang pang-etika dahil ang pag-aaral ay may pagkukubling-sadya o hindi mapag-aaralan ng mga metodong hindi akma't angkop para sa kalahok at konteksto nito. Angkat-pataw ang ginagawa para sa rebyu sa etika ng pananaliksik ng kani-kanilang sentro ng pananaliksik kaya kopyang xerox (photocopy) ang marami sa patakarang inangkat sa kung saan at ipinataw sa mga pananaliksik-panlipunang may sariling kultura't kinamulatang kaparaanan sa pagtuklas at pagbubuo ng kaalaman. Samantalang may ilang 'bagay' sa konteksto natin ang mapapansin na karamihan ay wala sa hulog dahil hindi hinugot sa loob ng kultura't karanasang Pilipino. Kaya ang binuong mga kaisipan sa etika ng pananaliksik ay kailangan repasuhin at muling pagmunihan ang katutubong kaisipan tulad ng 'hiya' para sa mas bagay at angkop na batayang pang-etika sa pananaliksik-panlipuan na Pilipino ang diwa.

**Mga Susing Salita**: Etika ng Pananaliksik, Hiya, Pagpapakatao, Pakikipagkapuwa-tao, Pagkatao,

Copyright © 2019 by De La Salle University

*In this paper, some concerns and issues related to the ethical considerations in the conduct of social science research are discussed. There are confusions observed in the guidelines and premises as to which approaches and methodologies in research are considered ethical to conduct given its cultural context. The issuance of ethics clearance permits a study team to implement its funded research project and that, the research results could as well be published. The process of ethics review was recently institutionalized in universities to enable academics and students in higher education to do basic and applied researches. Such studies are anchored on reason, the truth and what is right. Yet, there are studies that have to be done but the methodologies to be employed are nuanced and even naïve given the peculiarities in a culture and specific context. It is observed that what some higher education institutions did in the creation of their ethics review board is 'copy-paste' kind of putting up their ethical guidelines for researchers. Some ethical guidelines may be simply imported and imposed on social science researchers to comply with, neglecting the nuances in doing ethical research in the Philippines. In this regard, retracing in Filipino thoughts the ethical principles is necessarily an exercise in rethinking about what is right, just and truthful in social science research ethics that is Filipino. Hiya is an indigenous concept that needs to be revisited in this exercise of rethinking about the formulation of Filipino research ethics.*

***Keywords**: Research Ethics, Hiya, Pagpapakatao (Being Humane), Pakikipagkapuwa-tao (Extending the Self), Pagkatao (Personhood)*

## PANIMULA

May ilang usaping kaugnay ng pagsasagawa ng pananaliksik na nakababahala sa akin at sa aking palagay ay sa inyo rin lalo na at patungkol sa mga umaako na sila ang bahalang magpasiya kung wasto ang ating pagsasagawa ng pananaliksik sa Pilipino. Ang ilan ay kalituhan sa mismong mga patakaran at alituntunin sa paggamit ng metodo ng pag-aaral, at ang iba'y sa mismong mga nagsasagawa nito sampu ng mga kasali sa proseso ng pananaliksik. May etika sa pananaliksik dahil may pakialam. Hindi man tiyak na tao ang tuwirang mapakikialaman sa pananaliksik sa larang ng likas na mga agham, may pakialam ang ibang tao sa kanilang pagsasagawa ng pananaliksik tulad ng kung paano tratuhin ang mga hayop sa laboratoryo, halaman sa paligid, mga bagay na walang buhay pati ang kalikasa't kapaligiran nito dahil sa huli, tao rin ang mapeperwisyo o makikinabang sa kahihinatnan ng pakikialam dito. Isinainstitusyon ang etika ng pagsasagawa ng pananaliksik upang ang mga mekanismong magtitiyak na angkop at akma ang metodo ng pag-aaral at may maidudulot na pakinabang sa pagkukunan ng datos. Subalit sa isa sa mga mekanismo nito, napuna ko na ang etika sa pananaliksik ay may hinihinging partikular sa pag-aaral na tao ang sangkot. Ito ay para sa kapakanan diumano ng mga kalahok (participants) nito. Halimbawa nito ang isang rekisito tulad ng lagda at/o pagsang-ayon na maging kalahok ng pag-aaral. Kinakailangang abisuhan siya sa kaniyang partisipasyon sa pag-aaral upang magkaroon siya ng kabatiran ng kaniyang papel dito. Ang kaniyang pahintulot ay patutunayan ng kaniyang lagda o pagsang-ayon niya na mapapatibayan mismo ng pagsagot niya sa sarbey halimbawa, na may panimula nga ng hinihinging permiso. Pero paano kung hindi siya nakababasa't nakasusulat? Kung wala pa sa muwang o kulang sa tinatayang talas ng isipan o liksi ng katawan, ipinauubaya ito sa kikilalaning mananagot o tatayong nakatatanda para sa kanya. Ito ang isa sa ipinaiiral na tuntunin sa etika sa pananaliksik na tao ang sangkot o tao ang maaapektuhan. Kapakanan nga ba ng kalahok ang hingin ang kaniyang pahintulot sa partisipasyon niya sa pag-aaral o para ito sa mananaliksik upang iiwas siya sa banta ng pag-uusig-legal sakaling masumpungan ang mali o may di makatuwiran doon sa transaksiyon?

May kabahalaan ang patungkol sa pagpapabatid ng pag-aaral sa potensiyal na kalahok at paghingi ng kaniyang pahintulot. May kabahalaan din sa mga kasali sa pagsasagawa ng pananaliksik. May kabahalaan sa pananaliksik lalo na kung ito'y isang proyektong may pondong pera para tustusan ang pagsasagawa nito. Gayundin, may kabahalaan sa publikasyon ng kinahinatnan ng pag-aaral pati ng patuloy na paglalathala na para bang mga pagawaan ng papel ang akademya. May ilang obserbasyon ako na maibabahagi kaugnay nito. Samu't sari ang mga isinasagawang pananaliksik dahil sa dami ng disiplinang akademiko na nais tumuklas ng kaalaman o tumukoy ng solusyon

sa problema at maghain ng mga bagong kaisipan o pag-unawa sa mga penomeno sa ating panahon subalit tila minsa'y pagsasamantala pa ito. Kaya may kabahalaan din sa mga binuong dambuhalang makinarya para sa produksiyon ng mga pananaliksik at lathalain na maipagkakamali ko marahil na hindi naman mga bagong tuklas sa larang kundi pag-uulit lamang ng mga naunang pananaliksik. Manapa, ang pagsusulat para sa publikasyon na tila isinasagawa upang panatilihin ang produksiyon ng mga papel ay usapin ding kaugnay ang etika ng pananaliksik. Ang mga likas na agham (natural sciences), medisina, inhenyeriya, at teknolohiya ay masigasig sa mga pananaliksik sa pagsulong ng makabagong kaalaman upang palawigin ang mga anyong buhay pati ng daigdig nito. Ito ang isa ring may pangangailangan para sa konsiderasyon sa etika ng pananaliksik na may kiling sa kultura at konteksto nito. Sa mga agham panlipunan (social sciences), ang mga pag-aaral ay laan sa pagpapaunlad pantao (human development) at panlipunan (social development) na pokus sa kung ano ang para sa kapakanan at kabutihan ng tao at ng kalahatan pati na nga ang etika. Manapa, sa siyensiya at teknolohiya, ito rin ang tinatahak doon sa kanilang disiplina dahil sila mandi'y mga taong totoo kahit pa nga robotics, AI (artificial intelligence), o makina ang aralin nito. Ayon kay Rita H. Mataragnon (1979), dating propesor ng sikolohiya sa Ateneo de Manila University, noon pa mang mga bandang huli nang nakaraang dantaon, ang pagsulong sa teknolohiya, sa agham, sa sining at sa humanidades ay hindi nangyaring hiwalay sa mga pana-panahong pagbabago bunsod ng paggalaw ng politika, ekonomiya, at kasaysayan ng isang lipunan. Sa madaling sabi, nakaugnay parati ang agham panlipunan sa ibang larangan ng pag-aaral. Kaya nga naroon ang etika sa pananaliksik o ang agham ng wastong asal-tao sa pagsasagawa ng pananaliksik sa anomang pag-aaralang pantao o para sa tao.

**Ang Etika ng Pananaliksik**

Ang karaniwang kahulugan ng etika ng pananaliksik ay pagsunod sa etikal at siyentipikong istandard pati sa mga alituntuning legal at alinsunod sa itinatakda ng institusyong may likha nito para sa pagsasagawa ng pag-aaral. Sinasabing may mga tinatanggap at tinatangkilik na mga ugali o asal na itinuturing na tama o mali, mabuti o masama sa pagsasagawa ng pananaliksik. Ayon pa sa pilosopong si David B. Resnik ng National Institutes of Health ng Estados Unidos, '*the most common way of defining "ethics" (is) norms for conduct that distinguish between acceptable and unacceptable behavior*' (https://www.niehs.nih.gov January 25, 2020). May normatibo at deskriptibo pa ngang mga etika. Pinag-aaralan sa normatibong etika ang istandard ng pagsasagawa at mga metodo ng ibinibigay na mga dahilan kung bakit dapat itong sundin ng mga tao. Sa deskriptibong etika naman pinag-aaralan ang istandard ng pagsasagawa at mga proseso ng pagdadahilan na siyang talagang sinusunod ng mga tao. Samantala ang teorya ng etika naman ay tumutukoy sa mga sinasabi natin na tangka ay ipag-isahin, isasistema, at ipaliwanag ang ating karanasang moral, o yaong tinutukoy natin sa ating mga muni at hatol sa kung alin o ano ang tama o mali. Isang teorya ng etika ang virtue ethics na ang diin ay sa paglinang sa kung ano ang mabuti o virtue at hindi ang tumalima lamang sa mga itinakdang tuntuning dapat tupdin. Itong virtue ethics ang tuon ng pansin natin sa hinahanap na hiya sa etika ng pananaliksik.

Itong etika sa pananaliksik na buhat sa bahagi ng mundong naging moderno ang aking aangatin din pagkatapos ay sisipatin dito at sa huli'y ihahanap ito ng puwang sa teorya ng kapuwa partikular sa hiya at dangal ng pagkatao na Pilipino. Noong nakaraang dantaon, nauna nang tinugaygay ang daanang matuwid ni Jose M. F. Bartolome (1985, nasa Pe-Pua, 2018) na dating propesor sa Unibersidad ng Pilipinas, para sa etika pati politika ng pananaliksik sa konteksto ng lipunang Pilipino. Dalawang daanang magsasanga ang tutuntunin naman natin upang tantuin ang teorya para sa etika ng pananaliksik sa agham panlipuan na nasa konteksto't karanasang Pilipino sa bagong milenyo. Sa unang daanan babalikan ang mga nasusulat tungkol sa mga panukala kung ano ang agham ng wastong asal-tao o etika at ang gamit nito sa pagsasagawa ng siyentipikong pananaliksik panlipunan (social science research). Pinaniniwalaan din na dahil may hiya na nararanasan at nararamdaman pati nananatili sa ating diwa ng matuwid ito marahil ang maipagbubuo sa Pilipinong etika at ang gamit nito sa pananaliksik partikular sa humanidades at agham panlipunan. Sa ikalawang daanan, hahagilapin itong hiya sa mga isipan ng kasalukuyang henerasyon na kung ano ang kabatiran nila dito dahil kinagisnan na itong konsepto na badya ay ang pagtutunggali ng tama at mali, ng masama at mabuti. Aalamin ang unawa sa hiya at para tuntunin ito sa kapuwa kung ano ang etika sa

pananaliksik sa kontekstong Pilipino. Sa bandang dulo ng pangalawang daanan ay inaasahang matatagpuan natin kung saan magpapanagpo ang hiya, kapuwa, at pagkatao sa etika ng pantao, makatao, at siyentipikong pananaliksik panlipunan. Hahagilapin sa daraanan kung paanong ang halagahin na hiya ay maaaring batis para sa pamantayan sa etika ng pananaliksik sa loob ng kulturang Pilipino. Anong hubog mayroon na sa halagahin na hiya na maaaring may unawa na, at ugatin dito ang pamantayan para sa etika ng pananaliksik?

Sasagutin ang sumusunod na mga suliranin sa pamamagitan ng pagsusuri sa kwalitatibong datos na siyang kinahinatnan ng ginabayang talakayan sa hiya ng mga estudyante sa etika pati sa scoping sa lokal na literatura.

## Ano ang 'Ako' sa Etika ng Pananaliksik, Pang 'ako,' Pag-ako, at Pangako?

Sa aking pagsipat sa daraanan, namataan kong may mga aspektong pansarili (personal) at panlipunan (social) itong etika ng pananaliksik. Ito'y mga giya na aking nilikha para gabayan ang talakay ko sa mismong pagsasagawa ng pag-aaral mapaagham man na social o natural, o maging pansining at panghumanidades ito. Una, itong aspektong pansarili na susumahin ko bilang tatluhan – pang 'ako,' 'pag-ako,' at pangako (tignan ang Talaan 1). Ikalawa, yaong aspektong panlipunan naman ay susumahin kong dalawahan dahil ito ang relasyon sa pagitan ng nangangalap ng datos at sa mga pagkukunan ng datos (tignan ang Talaan 2). Sa aspektong pansarili na tatluhan, ang pang 'ako' ay tumutukoy mismo sa iskolar na nag-aaral sa kaniyang disiplina sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pananaliksik. May inilaan itong panahon sa paghahanda ng kasanayan niya para makapagsagawa ng pananaliksik. Sa madaling sabi'y batid niya ang kaligiran ng disiplinang pagpupunyagiang pagyamanin para makatulong sa paghahanap ng solusyon, halimbawa sa problema ng tao. Ang pang 'ako' rin ay para sa sariling kawilihang tumuklas ng kaalaman o umunawa ng isang kabatiran, di kaya nama'y magpalawak ng kaisipan. Nababatid sa sarili ang pagsulong ng isipan at pagyaman ng karanasan sa pagiging tao pati pag-unlad ng pagkatao. Ang 'pag-ako' naman ay tumutukoy sa pagtanggap ng pananagutan o pag-angkin sa sarili ng kapanagutan sa isang pag-aaral. May sagutin siya sa pananaliksik, halimbawa na siguruhin na higit sa sapat ang kaniyang kasanayan, kaalaman, at kawilihan para maisagawa ang pag-aaral, simulan, ipagpatuloy, at tapusin ito. Ang 'pangako' (commitment) o pagtatalaga ng sarili naman ay siyang tutuhog sa pang 'ako' o kakayahan at 'pag-ako' o kapanagutan sa tungkulin. Ang 'pangako' ay tumutukoy rin sa kaniyang pagkatao, na may dangal. Sa Pilipino ang may dangal ay yaon ding may tunay na hiya. Kaya nga sinasabi na ang taong may hiya, may isang salita. Hindi na kailangang pagsabihan pa at maging paulit-ulit. Kaya kapag sinabihang 'mahiya ka naman' ibinabalik lamang nito na iyo namang isipin na ikaw ay hindi hangal, ika'y may dangal. Subalit kung sabihan ka ngang ika'y 'walang hiya' ano namang pagkatao pa ang mayroon ka?

**Talaan 1. Personal na Aspekto ng Etika ng Pananaliksik**

| | |
|---|---|
| Pang-ako (responsibility) | Ang Iskolar |
| Pag-ako (accountability) | Ang Pananagutan |
| Pangako (commitment) | Ang Pagtatalaga |

Ang aspektong panlipunan sa etika ng pananaliksik ay tungkol sa relasyon sa pagitan ng risertser at mga magbabahagi ng datos sa riserts. Mas malinaw itong tungkol sa relasyon sa katagang Pilipino na pagtutunguhan (interaction). Maidaragdag pa sa aspektong panlipunan ang patutunguhan (direction) ng pag-aaral. Sa gayon ang dalawang bahaging ito ay tumutukoy sa turingan at tunguhin sa pagsasagawa ng pag-aaral. May magaganap na pagtutunguhan o kung paano ang turingan ng mananaliksik at kalahok sa pananaliksik. Ipinanukala na noon pa ng mga dating propesor ng sikolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas na sina Carmen E. Santiago at Virgilio G. Enriquez (nasa Pe-Pua, 2018) sa kanilang Maka-Pilipinong Modelo ng Pananaliksik ang pamantayan sa pagtutunguhan ng mananaliksik at kalahok na ang ugat ay sa sikolohiya ng kapuwa. Sinabi nila na may pagtuturingan ng kapuwa tao sa pananaliksik, mapaibang-tao man sa simula ang turingan hanggang sa makakayang abuting antas na hindi na ibang tao ang isa't isa. Itong maka-Pilipinong dulog sa pananaliksik sa agham panlipunan ay may pakikipagkapuwa kapag ang mananaliksik ay nagpapakataong

totoo. Magkakaugnay kasi ang mga kaisipang pagpapakatao, pagkatao, at pakikipagkapuwa-tao sa weltanshauung ng Pilipino (Enriquez at Alfonso, na-retrieve mula sa https://www.asj.upd.edu.ph/ January 22, 2020). Ito ay dahil ang bawat tao bagama't may isa-isang sarili ay iisa namang talaga itong isipan sa sarili, ito ang tinutukoy na kapuwa, magkatulad ang tao sa dangal. Kaya ang kapuwa ay isipang may iisa lamang na inuunawa na sarili. May iisang wangis ang tao, kaya rin ipinag-iisa ng katagang kapuwa ang pinagbabahaginang identidad, ang kaangkinan ng tao. Ang 'ako' at ang 'iba sa akin' ay iisa sa kapuwa ayon kay Virgilio G. Enriquez, Ama ng Sikolohiyang Pilipino (nasa Macapagal, E.J., Ofreneo, M.A.P., Montiel, C.J. & Nolasco, J.M., 2013). Pantay ang katayuan ng tao sa kapuwa. Samakatuwid, kung ano ang pagturing ko sa iba ay siyang pagturing ko sa aking sarili, at kung ano ang pagturing sa akin ng kapuwa ay siya niyang pagturing sa kaniyang sarili. Subalit ang sariling sinasalamin sa kapuwa ay may dangal kaya may buti-bait itong ipinag-iisa sa tulad bilang taong totoo. Maikakabit sa pagtalakay sa pagtutunguhan ang patutunguhan ng pananaliksik. Kung may kapuwa sa pananaliksik ang tunguhin nito'y para maitaguyod nga ang mabuti sa pagiging tao, pagpapakatao't pagkatao. Tunguhin nitong pananaliksik ang pantaong pag-unlad, panlipunang pagpapaunlad (human development, social development), at sa sikolohiya, ito ay sinisimulan sa sarili na may isipang kawangis ng sarili ang sa iba gaya ng kapuwa. Matutunghayan ang tulad na talakay tungkol sa etika't pag-uugat nito sa teorya ng kapuwa sa mga tinunton sa sikolohiyang panrelihiyon ni Violeta Bautista at sikolohiyang pangkalusugan ni Ma. Trinidad Crisanto (nasa Protacio-Marcelino at Pe-Pua, 1999).

Sa nabuong Iskala para sa Maka-Pilipinong Pananaliksik, tinukoy nina Santiago at Enriquez (nasa Pe-Pua, 2018) ang pakikiramdam bilang bahagi ng unang iskala, ang Iskala ng Mananaliksik. Iniuugnay sa pakikiramdam ang hiya na halagahing tinukoy din ni Enriquez (nasa Aguiling-Dalisay, Yacat, at Navarro, 2004), na nasa Estruktura ito ng Halagahing Pilipino na ang pakikiramdam ang siyang pihitan o salalayan (pivotal value) nitong halagahin natin. Ang hiya ayon pa sa kanya ay siya namang halagahin na pagbibigay o paglalaan (accommodative value), halimbawa ng tulong sa kapuwa. Samantala ang kapuwa ayon pa kay Enriquez ay siyang kaibuturan o kalagitnaan sa Estruktura ng mga Halagahin. Kaniyang tinuran na ang interpersonal ay ang pakikiramdam, samantalang ang panlabas o pang-ibabaw ay ang hiya naman. Itong hiya ay siya niya ring tinutukoy na propriedad o dignidad na kaugnay ng halagahing panlipunan (societal values) natin na karangalan, katarungan, at kalayaan. Itong hiya (sense of propriety) dagdag ni Salazar (nasa Aguiling-Dalisay, Yacat, at Navarro, 2004) ay bahagi ng pagkatao na may loob - ang damdamin (emotion) dito at labas - na may pakikiramdam (sensitivity to others) sa kapuwa. Maiuugat pa sa pagpapaunawa ni Felipe Landa Jocano (nasa Aguiling-Dalisay, Yacat, at Navarro, 2004) na ang ating pamantayan (standard) ay siya nating sistema ng halagahin sapagkat ang mga sangkap nito ay pagkatao, pakikipagkapuwa-tao, at pagkamakatao. Maipagpapakahulugan din natin na ang pamantayan ay pagpapaalala sa ating pagkakapantay-pantay, ng pagiging kapuwa sa ating pagtutunguhan maging patutunguhan. Ang may hiya ay may pakiramdam para sa kaniyang kapuwa; ang loob niya'y may awa, malasakit, at pakiramay (Serafin D. Talisayon nasa Aguiling-Dalisay, Yacat, at Navarro, 2004). Ito ang ating pamantayan.

**Talaan 2. Panlipunang Aspekto ng Etika sa Pananaliksik**

| | |
|---|---|
| Pagtutunguhan (interaction) | Ang turingan |
| Patutunguhan (direction) | Ang tunguhin |

Balikan natin ang usapin sa etika ng pananaliksik sa agham panlipunan na akin ditong tutukuyin sa ilang isyu't kapuna-punang mga baluktot kundi man buktot na ugali at gawi kaugnay nitong pagsasagawa ng pananaliksik at publikasyon. Minsan, namataan ko sa isang fieldwork namin sa isang lugar na ang tawag nila'y Barangay Lawa (isang pondo ng naipong tubig), ang isang lansangan na may ngalang 'bakaw,' isang lumang salita na tulad ng takaw o nakaw na maipapakahulugang kanya na lamang ang lahat. Ang bakaw ay isa ring uri ng halamang lumalaki sa katubigan, kung kumpulan ito'y bakawan. Kung mayabong ang bakawan, lalong masalimuot ang ugat nitong babad sa tubig na saklaw ang malaking bahagi ng pampang. Naisip ko tuloy na pwedeng tawaging bakaw ang asal kung ang pagsasagawa ng pananaliksik ay pagnanakaw ng datos sa mga taong hindi hinihingian ng kapahintulutan sa kanilang pansariling impormasyon dahil demograpiko daw

naman ang ngalan, gulang, at kasarian at kung naipon sa pamamagitan ng internet ay pwede na raw i-harvest na lamang. Isang dambuhalang bakawan ang teknolohiya ng internet na sa paggamit ng mga platform nito, na may iba't ibang pamamaraan ng pagkuha ng datos sa mga subscriber nito'y lubhang nakababahala. Tahasan ang pagkalap ng impormasyon gamit ang internet na halos lingid sa kaalaman ng pumapaloob sa mga mekanismong nakaaakit sa gumagamit nito. Ano ang etika sa data analytics? Maitatanong kung kaninong kapakinabangan ang pagsasagawa nitong ganitong pag-iipon at pagsusuri ng maramihang impormasyon sapagkat parang napilit na lamang silang ibigay ang mga ito sa isang pindot ng daliri at hindi nababawi lalo na't wala pang mekanismong mangangalaga sa kapakanan ng mga gumagamit ng teknolohiyang pang-impormasyon sa bansa.

Mayroon ding mapapansing mga eksperto sa agham panlipunan na sa ganitong larang ay nakaupo pa rin sa kaniyang silya at halos hindi na bumababa at hindi na rin bumababad pa doon sa lipunang kaniyang pinag-aaralan at tumitingin na lamang sa mga bungkos ng datos demograpiko o impormasyong isinulat at inilathala sa mga plataporma ng social media. Mayroon ding masasabi nating naghihintay ng mga numerong maitatala para patatakbuhin sa mga statistical software at huhugot ng hinuha subalit nakakaligtaan nang i-validate ang mga ito sa mga mismong pinagmulan ng mga estadistika na kung sinasalamin ngang matapat ng mga numerong nasuri ang naranasang penomenog pinag-aaralan. Tuloy, nagmumukhang nasa Toreng Garing na nga siya. Mas objective siya, ito ang maaaring sabihin dahil naihihiwalay ang kaniyang damdamin (emotion) sa kung ano ang nararanasang totoo ng mga tao sa lipunan. Ito kasi ang kinakapitang tradisyonal na perspektiba ng kinasanayang siyensiya na ang karaniwang kiling ay wariin na parang mga bagay na walang buhay ang mga tao sa lipunan at pawang sisidlan lamang ng datos na makukunan nito. Kaya sa kabila ng samu't saring pag-aaral sa nakalipas na higit sa limang dekada na sa ating lipunan, kapuna-puna na parang bahagya lamang ang naiiba't nababagong totoong pantao sa kalakaran pati sa patakaran natin. Pansinin na hikahos pa rin ang buhay ng karamihan, samu't sari ang sakit, kalat ang kamangmangan, laganap ang kaapihan sa mga maralita, musmos, matatanda, at mahihina. Lahat ng mga ito'y maaaring bunga ng kawalang emosyon o yaong tamang tugon ng damdamin na may malasakit sa kaniyang kapuwa tulad ng makaramdam ng hiya sa ating kapuwa sapagkat tila bagay pa rin ang turing sa impormasyong buhat sa kawangis na tao.

Sumilip naman tayo sa mga tanggapang pampananaliksik na bumubuo ng research proposals, isinusulat ang mga ulat ng kinahinatnan ng pag-aaral, at inihahanda ang mga gastusin pati bayarin na galing sa research fund. Karaniwang katumbas ng opisinang pampangalawang pangulo ito o di kaya ay sentro na may direktor na namumuno itong tanggapang pampananaliksik. Dahil may pera para sa implementasyon ng research project, kitang-kita ang kita dito. Itong pagkakaroon ng ganitong aktibidad sa pamantasan ay kaugnay ng pagsulong ng tinatawag na knowledge based economy, (ADB, 2007 na-retrieve sa https://www.adb.org January 24, 2020) na minamahalagang lalo ang pananaliksik bilang bahagi ng pagbubuo ng kaalamang magagamit sa pagpapasiyang ekonomiko, politikal, at sosyal. Kung kamag-anak ng researcher ang isasali sa proyekto, mali ito ayon sa patakaran ng institusyon para maiwasan ang korupsiyon, at siya namang ating masugid na sinusubaybayan. Subalit kung kaulayaw o kaya'y kasintahan pa lamang ng researcher ang kasali sa proyekto, hindi ito halos pinapansin. Dahil hindi naman itinatakda ng ating batas na sila'y may kaugnayan na ngang totoo, hindi pa naisapubliko ang kanilang pag-iibigan maliban sa mga malakas ang pakiramdam na nakakaalam nito. Isa pa'y wala pang pagtitibay-legal kaya hindi nga sila saklaw nitong pagbabatas. Sa gayon, hindi ba ito maisasali sa usaping pang-etika ng pananaliksik? May maselan pang isyu kung ang isa sa dalawang magkaulayaw o magkasintahan ay parehong itinali na rin ng sistemang legal. Baka maipagkamali pang sabihin ng iba na may diskriminasyon kung ang masilip natin doon sa opisina ng riserts na parehong parte ng proyekto na may romantikong relasyon ay di magkaiba ang kasarian. Dahil ang mayroon tayong alituntunin ay para sa kasal na pangmag-asawang magkaiba ng kasarian at wala pa para sa mga magkarelasyong romantiko na nasa

labas nitong basbas ng relihiyon o batas na sibilyan. Maitutulad dito ang tila namimiling batas sa pagpulis ng mga gumagamit ng kemikong nakalalasing kung saan tinutugis ang ‘tumitira’ ng damong cannabis subalit hindi ang isang laging lango sa alak. Kaya kailangan yata namang usisain ang ugali ng mga nasa sentro ng research at pag-isipan kung sa katulad nitong mga kondisyon ay may pangangailangang pang-etika. Sa mga tanggapan sa pamantasan maging sa pamahalaaan, hindi ipinahihintulot na magkasama ang mag-asawa (kasal) pati ang may ugnayang magulang-anak o malapit na magkamag-anak upang iiwas sa kiling sa kadugo o kabiyak ang isang pasiya na papabor dito lalo’t kung may pondong pera at kagamitang pinag-uusapan. Hindi ba kailangang manguna sa kaniguhan (wisdom) ang pamantasan lalo na kung saan isinasagawa ang pananaliksik sa pagtataguyod ng katapatan at ng katotohanan?

Ang isa pang kabahalaang aking ibabahagi ay itong kaugnay ng pananaliksik na paglalathala at dito sa atin sa akademya may pagtatangi ito. Ang publikasyon ay mahigpit na binabantayan dahil sinisiguro na mataas ang kalidad, may kredibilidad, at may kabuluhan ang dokumentong ibinunga ng matimtimang pag-aaral at matinik na pag-iisip. Sinasalamin ng mga lathalain ng mananaliksik ang kaniyang scholarship at sa gayon ay may pagkilala rito. Kaya sa pamamagitan ng pag-aangat sa kanya sa academic rank sa komunidad ng mga dalubhasa at paham itinatuguyod ng ganitong pagkilala ang pangunguna niya o kaya’y pagmamalasakit hindi lamang sa galing, dunong, at talino kundi sa kaniguhan. Hindi pinagsisikapang maging angat sa iba sa akademya at umani ng papuri’t parangal sa pagtaas sa kaniyang academic rank kundi ang matamo niya higit sa lahat na ang kaniyang achievement ay bunga ng kaniyang intellectual honesty at self-respect dahil taimtim sa kaniyang isipan at kalooban na ang ibinabahagi ay para sa pantaong pag-unlad (human development). Hindi lamang ang kaibigang matalik o kasamang matapat sa serbisyo ang magtatangi nito kundi ang komunidad ng mga iskolar na bukod sa di matatawaran ang galing at husay sa pananaliksik ay may integridad ang pagkatao. Sa madaling sabi’y matalino na’y marunong pang mahiya. Masasabi pang ang may hiya ay marangal o may dangal, taong may galang sa kaniyang katinuan. Bagama’t may pamantayan na ang pamantasan alinsunod sa alituntuning pinagsikapang buuin ng academic community, ang ilang miyembro nito ay tahasang lumilihis sa nasabing panuntunan. Ito ang isang isyu na iuugnay natin sa etika ng pananaliksik lalo na sa mga agham panlipunan. Sa akademikong komunidad na ginagalawan ng mga dalubhasa sa mga agham panlipunan hindi lamang ang produkto ng pananaliksik at pag-iisip ang kahulugan nitong pagpapanday ng kaalaman kundi ang proseso ng pagsasagawa dahil ang sangkot nga dito ay tao. Sa gayon maging sa pagkilala sa isang iskolar at mananaliksik, ang proseso sa pagtatalaga sa paham sa disiplina ng pag-aaral ay totoong minamahalaga ang proseso. Kaya ang isang itatangi bilang iskolar ay yaong may pagkilala sa kaniyang kontribusyon mula sa mga kamanggagawa niya sa partikular na disiplina at hindi sa kumpas ng kamay ng isang may kapangyarihang magpasiya lamang dito. Ito ay sapagkat silang magkakasama sa ganoong disiplina ay may iisang pinag-ugatang isipan, pinagmulang pananaw, bagama’t may magkakaibang pamamaraan sa pagdadalubhasa ay may ipinag-iisang tinatahak na landas sa pag-unawa ng tao. Kailangan pa bang sabihing dapat manguna rin ang mananaliksik at iskolar sa pagpapakatao at pagtatangi sa kaniyang pagkataong may dangal? Ano pa’t dapat mayroon nga siyang hiya.

**Ano ang Tinatahak ng Etika? Ang Turingan at Tunguhin sa/ng Pananaliksik**

Ang mga kasong inilahad ko sa simula ay patungkol sa aspektong pansarili. Sipatin naman natin ang aspektong panlipunan sa etika ng pananaliksik. Ito ay kaugnay ng mismong metodo ng pananaliksik yayamang tao ang sangkot dito sa pag-aaral mapaagham panlipunan man o mapaibang agham ito, na sa bandang huli tao pa rin ang maaapektuhan. Isang pag-aaral ang aming isinagawa upang alamin kung ang mga may kahinaan o kakulangan sa kakayahang kognitibo ay makapagtatrabaho tulad ng ibang “normal” ang functioning ng kognisyon at sosyo-emosyon (nasa Javier, Demeterio III, Habaradas, Jabar, at Resurreccion, 2014). Kinakailangang mabatid ito sa mga lugar ng paggawa na nagpaunlak sa mga katulad nilang ‘may kapansanan’ na makapagtrabaho. Ang turing nga kasi ng lipunan sa kanila’y may kapansanan kaya tuloy inaakalang kaakibat nito’y kawalan ng kakayahan kundi man kahinaan. Sa isinagawang pananaliksik, nakatuon ang pansin ng metodo ng pag-aaral sa mga namamahala ng lugar ng paggawa, sa mga nag-aaruga sa mga may hamon

sa kanilang kakayahang pangkaisipan, at sa kanilang mga kamanggagawa sa trabaho. Dahil isinainstitusyon na ang pagrepaso sa etika ng mga isasagawang pag-aaral lalo na't hinihingian ng pondo, ipinasumite itong aming planong pananaliksik. Isinalang ika nga nila sa tila inquisition na pagtatanong ang aming planong pag-aaral. Una rito'y pinagtibay na mismo ng mga opisina ng riserts at ng ahensiyang magtutustos sa pag-aaral ang aming pananaliksik. Inabot ng siyam-siyam ang pagsasagawa ng pag-aaral dahil sa hindi malinaw kung ano ang dapat mabatid ng nagrebyu ng etika nito, kung ano ang hinahanap na kapanagutan para sa mga may 'kapansanan' na anila'y kalahok. Nalihis ang kanilang pansin sa mga salitang 'kapansanan' hindi sa 'kakayahan' na tinataya ng mga kasama nila sa trabaho, kaya nangyaring naantala ang pagsasagawa ng aming pag-aaral. Naging kahiyaan pa ito sa ahensiyang nais mabatid ang maitutulong nila sa kanilang kapuwa na may kapansanan sa pamamagitan ng pagtitiyak nito gamit ang siyentipikong paraan sa katotohanang may kakayahan silang magtrabaho at maging bahagi ng lipunang makatao. Maluwalhati namang natapos ang pag-aaral sa kabila ng pag-aalinlangan ng mga miyembro ng Ethics Committee. Naulit ito sa pag-aaral upang tiyakin naman ang kabatiran ng kabataang nagsisipag-aaral sa kung ano ang kalusugan at pag-iwas sa karamdaman. Inakala naman na ang pananaliksik ay isang interbensiyon dahil anila'y gagamit ng panukat sa pagtaya ng nalalaman ng mga lalabintauning mag-aaral sa kung ano ang kalusugan (nasa Javier, Tiongco, at Jabar, 2019). Naantala na naman ang pag-aaral dahil kinakailangan anila na sundin ang hinihingi ng etika sa pananaliksik para sa informed consent. Sinang-ayunan namin ang tagubiling ito upang mapadali ang clearance at maisagawa na ang pag-aaral. Naging katuwiran na anomang pag-aaral na may tao ay kailangan ang informed consent at clearance ng pamatnugutan sa etika.

Ilang pag-aaral ang naisagawa na ng iba't ibang research team na kasama ako kung saan sasabihing maselan ang pinag-aaralan tulad ng tungkol sa pagkalat ng HIV (human immunodeficiency virus). Samantalang masinop ang pag-aaral sa epidemiyolohiya ng nakamamatay na HIV sa paggamit ng surveillance na medical, hindi nito hagip na hagip ang may kinalaman mismo sa pagkalat nito. Kung paanong nahahawa at naipapasa-pasa ang virus ay batid na sa siyensiya ng medisina at idinadahilan ngang dala ito ng dugo o di kaya'y ng body fluids na naisasalin sa iba. Subalit sa pag-aaral ng social science, natukoy na mabilis ang pagkalat sapagkat kaakibat ito ng behebyur, may human agency, at action. Natiyak na ang sexual behavior ang primarya ditong dahilan ng pagkalat ng HIV sa buong mundo. May mga pananaliksik kamakailan lamang na aming ginawa na may kinalaman sa patuloy na pagkalat ng HIV (nasa Javier at Tarroja, 2015). Ang mga ito'y pawang nakatali sa kilos, ugali, at asal-tao. Napag-alaman sa pagsasagawa ng mapping ng hotspots na hindi lamang ang mga lugar na pugad ng aliwan kundi pati palengke at parking o paradahan ay doon naitala na pawang aktibo ang pagse-sex at abuso sa paggamit ng drugs. Sa isa pang pag-aaral, natutunton ang pagkalat di lamang ng HIV kundi pati ng hepatitis sa mga nagdodroga na social ang iginagawi nila sa pagtuturok ng bawal na drugs (Melgar at Javier, 2015). Dahil social event itong kanilang session ng pagdodroga, iisang heringilya ang ginagamit na ipinapasa-pasa nila. Nabatid sa pag-aaral na ito na ang pagpigil ng pagkalat ng HIV, hepatitis, at sexually transmitted infection ay naiuugat sa atityud sa paggamit ng prophylaxis gaya ng condom. Ilan lamang ito sa mga pag-aaral na naisasagawa na may mahigpit na pagtalima sa kaakibat nitong confidentiality issue na nagbuhat sa karapatang pantao na nakaugat sa pagkataong may dangal. Hindi tahasang hiningian ng informed consent itong mga kalahok dahil batid na ng mga mananaliksik na sila ay nagkukubli dahil sa inaasal nila sa pakikipag-sex kasabay ng paggamit ng ipinagbabawal na droga. Gayumpaman, kinailangang hingin ang kanilang pagpayag sa pakikipag-usap sa kanila tungkol sa behebyur na ito para sa pananaliksik sa paraang hindi nila kailangan pang ilagda ang kanilang pangalan sa papel upang iiwas sila sa maaaring pag-uusig ng batas dahil labag ang pagdodroga sa kasalukuyang panahon.

Minsan sa isang usapan, may isang dating direktor ng sentro ng pananaliksik ang nagtanong kung may sakit na confidential tila di malay itong taong nag-usisa na personal na bagay ang health at kung ito'y sakit na nakamamatay o nakawawala ng katinuan laging isinasaalang-alang ang kaniyang pagkatao kaya selyado ang labi ng mga nakababatid nito. Alinsunod sa alituntunin ng ahensiya ng gobyerno ng Pilipinas ang Department of Health (DOH) ayon kay Clara H. Fuderanan (2017), Medical Specialist at hepe ng Dangerous Drug Abuse Prevention and Treatment Program na numero at hindi ngalan ang itinatakda at itinatabing identipikasyon ng sinomang tini-test kung positibo sa paggamit ng droga. Ganyan

kahigpit ang pagtatabi ng impormasyon para iiwas ang tao sa mapanirang epekto ng stigma at trauma na nalilikha ng kaniyang pagkakamali kundi man ng kaniyang pagkakandili. Sa gayon sa pag-aaral ng mga katulad nitong may kinalaman sa kalusugan na tunay na personal ay hinihingi ang pakikipag-ugnayang mas malalim sa rapport at lalong higit sa mekanikal na paghingi ng pagsang-ayon gamit lamang ang informed consent form. Sa madaling sabi, ang pananaliksik sa mga agham panlipunan lalo na sa pag-aaral sa sikolohiya na pantao (human psychology) tulad ng health (physical, mental) na may aspektong social science ay mangangailangan hindi lamang ng makataong etika sa pag-aaral nito kundi ng makakapuwa-taong pamamaraan ng pananaliksik at ang pagpapakatao mismo ng mananaliksik.

**Batis ng Etika ng Pananaliksik sa Pilipino**

Ang etika ng Pilipino ayon sa dating propesor ng teolohiya sa De La Salle University na si Ferdinand D. Dagmang (1996) ay nasa hiya dahil ito aniya ang daan at kakayahan natin sa pakikipagkapuwa. At para sa propesor ng pilosopiya sa Unibersidad ng Pilipinas na si Jeremiah A. Reyes (2016) ang hiya ay siyang virtue ethics ng Pilipino. Bago natin tunghayan ang hiya sa etika, alamin natin kung ano ang tinutukoy nito. Ang etika, ani Dagmang (1996), ay buhat sa salitang Greek na tumutukoy sa pugad ng mga hayop, pamantayan ng ugali, pati kung saan pinulot ang mga ugali at gawi. Kaya nga ang ugali at gawi ay buhat sa kung saan ang tao ay nagmula. Sa Tagalog, ang gawi ay tumutukoy sa kilos at sa lugar din (sa gawi pa roon). Kaya nga ganito ang itinatanong ng mga Capampangan 'saan ka tao?' na ang ibig alamin ay ang kinalakihan. Dagdag pa ni Dagmang (1996), ang etika ay agham na nag-aaral din sa kung ano ang mabuti at tama sa 'tirahan' o kinalakihan ng tao. Kaya sa atin ang ayaw sa mali ganito ang sinasabi, 'hindi po ako ganyan pinalaki ng aking mga magulang.' Ang ibig sabihin din ay may wastong paraan ng pagpapalaki, sa paghubog, at pagbuo sa ating pagkatao. Samantalang samu't sari ang pagtugon sa paligid upang ibagay itong sarili sa iba, may tumitining namang kilos na tama, akma, at angkop para sa tao. Itinuturo at inaaral ang mga gawi na ito upang maiwasang magkamali. Sakaling magkamali o ang ikilos ay lihis, may pagtutuwid sa na nauuwi sa isang pamantayan (pampantay). Ayon pa nga sa dating tagapamuno at propesor ng antropolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas na si Prospero R. Covar (1993), may pamamaraan naman tayo sa pagtutuwid dahil sa parati sa ating pagpapakatao ay may pagkakamali sa ating mga gawi at ugali. Pansinin ang ilang katibayan sa mga sinasabi natin – 'tao ako, hindi hayop' ito'y sinasabi kung ituring kang hindi kapuwa, 'hayop ka' ang isisigaw kapag labag sa kalooban ang ginawa sa iyo o sa iyong kapuwa, 'tao lang' ang yaong ibubulalas kung magipit o ika'y nagkamali pero sa pagsasabi nito'y may pagkilala ka sa mali. Ang pagsasabi pa nga ng 'tao po' ani Paring Albert E. Alejo (1990), dating propesor ng antropolohiya sa Ateneo de Manila University, ay pagmamagandang-loob sa kapuwa at daan sa pag-unawa sa loob ng tao. Ayon din sa dating tagapamuno at propesor ng pilosopiya na si Leni DLR Garcia (2013) ng De La Salle University, sa isinulat niyang pambungad sa kaniyang inedit na aklat, na itong pagsasabi rin ng 'tao po' ay nagpapabatid na 'narito ako, nagpapakatao' o nakakaramdam ng kung anong namamagitan sa atin at nakikiramdam sa kung kanino man na naroroon sa kinatatayuan. Nakatuon ang etika na siyang siyensiya ng pagpapakatao sa paghahagilap at paghagip sa ideya ng 'buti' (Dagmang 1996) na siyang batis-batayan ng bawat buhay-tao at ng pamayanang pantao na ginagalawan.

Balikan natin si Reyes (2016) sa sinasabi niyang ang hiya ay nasa etika natin, ito'y isang virtue ayon sa kaniyang hagilap sa pilosopiya nito. Aniya, kaniyang sinangkalan nang suyurin niya ang kinagisnang konsepto na hiya, ang mga sinasabi sa Summa Theologica ni Tomas Aquino patungkol sa ikagagaling ng tao, ang virtues. Ang virtue ay patungkol sa pagtatangi sa kakayahan at katangian na mayroon ang tao upang gawin ang tama at iwasan ang mali lalo yaong may kinalaman sa 'kalinisan' (chastity). Kaya itinutumbas itong virtue sa kung ano ang ikagagaling ng tao. Samantala, inaninag pa ni Reyes ang hiya sampu ng mga kinagisnan na nating mga kaugnay nitong konsepto tulad ng loob at kapuwa na pawang para sa ikagagaling ng tao. Kinailangan aniya na humugot mula sa panahong medieval (dahil ito ang kapanahunan ni Tomas Aquino) ng paliwanag sa hiya na nasa virtue ethics na nga aniya ng Pilipino. Idinahilan niya na itong konsepto'y naroon na sa mga naunang tao sa mga isla ng Pilipinas bago pa ang kolonisasyong Kastila at kristiyanisasyon na Romano Katoliko, noong hindi pa modern ang mga lupalop sa Kanlurang Europa. Sa gayon, itong hiya ay isang premodern na konsepto sabi niya. Idinagdag niya ang sinasabi ni Rafael Ileto na,

ang hindi pamimilit ng paguturo ng wikang Kastila ang dahilan kaya nanatili ang mga sinaunang salitang Tagalog gaya ng hiya, manapa ng mga katagang kapuwa, loob, kaluluwa, ginhawa at iba pa. Subalit noong ituro ang Ingles ng mga kolonisador mula sa Estados Unidos ng Amerika, ipinangalandakan nilang nasa sistema ng pagpapahalaga natin ang pakikisama, utang na loob, pati ang hiya. At dahil dala nila ang sistema ng edukasyong nasa Ingles siyempre, ang mga katutubong natuto dito at lalo na yaong mga naging matatas sa English ang kanilang naging kausap sa pagtukoy sa mga inaakalang pinapahalagahan ng mga Pilipino. Kaya gamit ang balangkas-isipang Ingles isinalin ang mga katagang Tagalog sa hulmahan nito at hinagilap ang paliwanag mula doon. Sa gayon itong mga Pilipinong iskolar na ang kapaligirang kinalakihan ay pareho din ng kina Dagohoy, Tamblot, Silang o Sakay ay napuna nga ni Reyes na tila nawalan ng, o nalihis ang unawa sa hiya, kapuwa, at loob.

### Pagpipino ng Pag-iisip-Pilipino Kaugnay ng Etika sa Halimbawa ng Hiya

Sa pag-uugat ni Reyes (2016) sa noong una pa hanggang sa dalang ideya na medieval pati modern na panahon sa Pilipinas nitong mga kolonisador, ang pagkasinauna nitong konsepto ng hiya at pananatili nito sa ating panahon ngayon ay katibayan mismo ng pagpipino ng pag-iisip ng ating mga ninuno sa kung ano ang matuwid at mabuti sa pagpapakatao. Ang may hiya ay matuwid, may mabuting pagkatao. Tutunghayan natin sa sumusunod ang konsepto ng hiya na hindi natinag bagkus ay nasa danas, dama, at diwa natin sa patuloy na dumadaloy sa kasalukuyang panahon. Nananatili sa kamalayan natin ang hiya dahil ito'y tulad ng muhon o mga pananda ng mga hangganan, ito'y tanda ng taong may dangal. Itong hiya sa gayon ay nasa hulog nga o pamantayan ng ating pagpapakatao. Tulad ng natuklasan ng mga teologo na sina Reyes at Dagmang na higit sa dimensyaong sosyal, ang hiya anila ay may etikal na dimensiyon. Maidaragdag natin dito ang dimensiyong moral ng hiya na una na rin namang nabanggit ni Enriquez. Ang mga tinuran nina Reyes, Dagmang, at Enriquez ay patitibayin pa natin sa pamamagitan ng mga datos na mula sa pagkaunawa ng mga mag-aaral na nasa unibersidad. Mula panahong medieval hanggang sa millennial, itong hiya ay nasa kamalayan ng Pilipinong kabataan. Gamit ang ginabayang talakayan (GT), inusisa ko ang unawa nila sa hiya. Inihingi ko ng pahintulot sa kanila na talakayin nila ang paksang nakatuon sa karanasan at kaisipang kaugnay ng hiya. Nakalahad sa syllabus at nasa learning plan sa kursong Sikolohiyang Pilipino na pang-andergradweyt ang mahasa ang kasanayan ng mag-aaral nito sa mga katutubong metodo ng pananaliksik. Inihanda ko ang gabay sa talakayan at pinamahalaan ang mga pangkat upang talakayin nila ang paksa. Sa ganitong ehersisyo nailaan ang karanasan para matutuhan nila ang metodong GT at muling matuklasan at mapagmunihan ang konsepto ng hiya na iniuugnay sa etika.

### Ang Ginabayang Talakayan sa mga Kaugnayan ng Hiya, Etika, at Kapuwa

Ang usapan ng mga estudyanteng ito na nasa lalong mataas na antas na ng edukasyon, ay nakatuon sa kanilang karanasan at kaalaman mismo sa hiya, ang kanilang danas, dama, at diwa dito. Hiningi ko ang kanilang pahintulot para gamitin ko ang resulta ng GT sa aking pag-aaral sa 'hiya' at pagbabahagi nito sa isang panayam sa aming pamantasan. May 6-7 na kalahok sa bawat grupo ng GT kaya ang sample ay may kabuuang bilang na 76 estudyanteng nasa antas pampamantasan. Ginanap ang GT sa dalawang magkahiwalay na sesyon na tumagal ng 1.5 oras ang bawat isa. Naganap ang 12 GT nang hapon noong ika-20 ng Hulyo 2017, ang unang 6 na sesyon ay sa ganap na 1245-1415 ng hapon, at ang sumunod na 6 na sesyon ay sa ganap na 1430-1600 ng hapon din. Dahil diskusyon ang isang GT itinalaga nila sa grupo ang isang tagatala at isang tagapagpadaloy ng nasabing talakayan. Hiningi sa bawat grupo na itala ang mahahalagang punto ng mga tinalakay nila sa isang Manila paper. Hiningi din na iprisinta ng bawat pangkat ang kani-kanilang mga tala ng talakayan sa sesyong plenaryo sa bawat klase. Itong mga isinumiteng tala ang datos sa danas, dama, at diwa sa hiya nitong millennials. Sinuri ang nilalaman (content analysis) ng kanilang mga tala ng talakayan at buhat dito hinagilap mula sa tunay na karanasan at kaisipan ang kahulugan ng hiya ng mga kalahok na estudyante kaugnayan nito sa kawastuhan. Halaw sa GT sa hiya ang tinalakay na mga dimensiyong kaugnay nito na nasa Talaan 3- ang sosyal (panlipunan), emosyonal (pandamdamin), kognitibo (pang-isip) at moral (panghatol, pasiya, at muni) pati kaakibat na mga behebyur kung may danas nito sa sitwasyon o kondisyong may pagtatagpo.

**Talaan 3. Dimensyaong Kaugnay ng Hiya - Hinalaw na Pakahulugan para sa Etika**

| | |
|---|---|
| Sosyal | Nakakahiya kasi ang mali<br>May inaasahan na tama kaya nahihiya<br>Iniiwasan ang mapahiya o makapahiya |
| Emosyonal | Nararamdaman ang hiya<br>Napapakiramdaman ang nahihiya o may hiya<br>Mapupuna na may alinlangan o nag-aalangan ang nahihiya |
| Kognitibo | Nalalaman kapag nawawala ang hiya<br>Natatanto kung may hiya sa kilos o ugali, sa gawi o gawa |
| Moral | Ang marunong mahiya, may isang salita (marangal)<br>Hindi mahalaga kung alam man ng iba kung siya man ay walang hiya |

Tulad ng inaasahan, unang lumutang ang dimensyaong sosyal ng hiya sa mga naging talakayan sapagkat ito ang karaniwang kuwento ng kanilang karanasan sa lipunang ginagalawan. Ang mga karanasang ito ay palagian dahil dulot ito ng pagtuturingan, kung paano ituring ang, o ng, iba. Ang hiya ay sosyo-emosyon sa ganitong kondisyon at gamit upang makapag-navigate sa ginagalawang sitwasyong panlipunan. Ang mga inaasahan ng iba ang palagiang palatandaan natin kung ayon o hindi ayon sa inaasahan ang ating gawi o galaw sa isang sitwasyon. Ang tanggap at hindi tanggap na pawang karaniwan, maaaring tipikal o istiryotipo ang mga ito. Halo ito ng mga inaakalang tama at mali ng karamihan na pangkaraniwan tulad kung itinuturing na bawal, bisyo, kapos, kulang, labis, o lihis na malakas makatawag-pansin ng iba. Hiya ang nadarama bunga nito dahil natutuhang hindi ito ang inaasahan ng karamihan na maitutulad dito ang Ingles na guilt. Manapa hindi ayon sa nakasanayan o inaasahan ang nagawa. May hiya sapagkat ayaw mahusgahan ng iba ang sarili sa nagawa na, inaakalang ito ay kakaiba o ibang-iba sa ipinaiiral. Kaya may nararanasang hiya ang tao sa hindi niya pagtatagumpay sa lipunan, kung kulang siya sa kaalaman, o kapag siya'y nasa mababang estadong ekonomiko dahil minamaliit ng iba. Ang hiya na nararanasan dito ay maaari ring bunga ng pagkukompara ng sarili sa iba na maaaring shame kung sa Ingles ang katumbas nito.

Sa tala ng mga talakayan lumilitaw din ang mga kaugnay na emosyon (damdamin at pakiramdam) nitong hiya kung nararanasan sa espesipikong sitwasyong sosyal. Malalakas ang mga emosyong ito na may pisyolohikong pagbabagong nararanasan tulad ng takot, lungkot, kaba, o galit. Ang ilang nararanasan ng katawan ay mabilis na pagtibok ng puso, ang tao ay nabubulol, nanlalamig, nanginginig, namumula o namumutla, pag-init ng katawan o di kaya naman ay pinagpapawisan. Kaakibat din nito ang mga behebyural na pagtugon sa sitwasyong kinakaharap gaya ng pag-aaligaga, pag-aalangan, at pag-aalinlangan kung kaharap ang ibang tao lalo na kung marami ang mga ito. Ang pag-aangkop ng nakakaranas ng hiya sa sitwasyong sosyal ay pag-alis sa kondisyong lumikha nito, pananahimik, pagbibiro, pag-iwas, pagtakas, o pagtatago. Sakaling matindi ang hiya, paulit-ulit itong iniisip kung bakit nagawa ang pagkakamali. Sa gayon nauuwi sa pagkabahala ang ganitong pagdanas ng hiya.

Hindi rin lingid sa kabatiran ng mga kabataang kalahok mula sa pamantasan sa mga ginabayang talakayan ang etika ng hiya. Sa mga tala, litaw na litaw ang kaalaman nila tungkol sa pagkakaiba ng tama sa hindi na naidadahilan nila sa nararanasan at nadarama na, o pagkawala ng, hiya. Anila, alam ng tao na kung siya'y nakakaranas ng hiya ay dahil natatanto niya na hindi tama ang asal, ugali, o gawi gaya ng kung mandaya, mangamkam, magsinungaling, at manlamang o manloko ng kaniyang kapuwa. Ang paling din ay sa pagkamaaari nitong hiya na mawala mismo kapag piniling gawin ang hindi tama ng isang tao. Sa gayon sanhi ng hiya ang hindi paggawa ng mabuti o ang gawan ng masama ang iba. Punahin din na ang diin dito ay sa intensiyon, ibig sabihin sinasadyang piliin ng taong hindi nakakaranas at nakararamdam ng hiya, ang mali at gawin ang masama. Dito sa dimensiyon na pang-etika, ang pagkakaroon ng hiya o pagdanas at pagdama nito ang siyang nagiging alituntunin sa ating pagtuturingan o pagtutunguhan sa isa't isa bilang kapuwa.

Ang taong may hiya ay inaasahang hindi nga mandaraya, mangangamkam, magsisinungaling, at manlalamang o manloloko ng kaniyang kapuwa. Ang hiya na masusumpungan ng tao ang pipigil sa kanya na gumawa ng hindi tama. Kaya kung mawala ang hiya sa kanya at gawan ng masama ang iba, ang turing niya dito ay hindi na nga kapuwa. Masasabi na ipinagsasawalang-bahala (disregard) ang kapuwa kapag nawawala ang hiya para gawan ito ng masama. Sa mga tala sa mga talakayan, tinutukoy doon na ang pagsasaisantabi nitong hiya ay nakikita nga sa kinahihinatnan ng maling pagpapasiya. Manapa, makikita sa masamang gawa. Hindi lihis ang ganitong kaisipan na kumikilala sa pagkakapantay, na ang turingan ay kapuwa o ang aking sarili at ang ibang sarili ay iisa. Sa ating kaisipan, ani Enriquez (nasa Pe-Pua, 2018), ang ako at ang iba sa akin ay kapuwa.

Ang huling dimensiyon nitong konsepto ng hiya na namataan sa mga tala ng mga talakayan ay yaong pangmoral. Dito sa dimensiyong moral nitong hiya napukol mula sa mga tala ng ginawang GT ang mga kinagisnan na nating kaisipan sa loob at ginhawa. Ayon sa mga tala ng mga estudyanteng nag-GT, itong hiya ay maitutulad natin sa English na conscience, kaya hindi lamang ito katumbas ng shame (Bulatao 1964, Lynch at Guthrie nasa Enriquez, 1992) na napag-ukulan na nga ng pansin ng mga iskolar sa IPC (Institute of Philippine Culture) noong nakaraang dantaon. Katulad ng conscience umuukilkil itong hiya sa isipan at bukod sa paulit-ulit ito'y pabalik-balik rin na iniisip na ang mali ay labag sa loob para sa angking sarili at sa kaniyang kapuwa. Malakas din ang emosyong nagpapakislot sa taong may hiya na halos katulad ng sa English na anxiety subalit pinaghalong pagkabalisa at pagkabahala kaya't hindi palagay at may bagabag ang loob. Ito ang titinag sa budhi ng bawat kaluluwa na nakadaranas ng kawalang ginhawa ng pakiramdam dulot ng hiya. Hindi mararanasan ang ginhawa kung nababalisa, nababahala, nababagabag ang loob. Samantalang nawawala nga ang ginhawa kung nasa sitwasyong nalagay ka sa hiya, anopa't lalo ito ring hiya sa sarili kapag nasa pag-iisa na at wala nang kausap bukod sa isipan. Sa madaling sabi, itong hiya ay mararanasang tumitimo sa kalooban. Isang pakiramdam ang hiya na gamit sa pagtantiya ng sarili, pagtitimpi, at pagpipigil nito. Itong hiya na nararamdaman ang siyang nagbabawal, nagbababala, o nagpapabahala upang hindi mabulid sa masama. Manapa nasukol ni Enriquez (1997) na itong hiya ay siya ring dangal ng pagkatao. Kaya nga madalas na marinig natin na, 'ang taong marunong mahiya ay may isang salita.'

Sa larang ng katutubong wika uusisain pa natin ang unawa sa hiya. Kaya tao ay may hiya. Kapag sinasabing siya ay may hiya batid niya ang sariling kaugnay ng ibang sarili, kawangis nitong kaniyang sarili ay, ang sa iba. Gaya ng nabanggit na, ito ang tinutukoy na kapuwa, ang ako at ang iba sa akin ay iisa sa kapuwa. Ang hiya ay salaminan ng kapuwa, sinasalamin nito ang totoong tao, ang tunay na pagkatao. Itong kapuwa ay nasusumpungan, katha ng isipan na ipinunla sa simula pa ng pagkakamuwang na ikaw at ako ay kapara sa pagiging tao at pagkatao. Ang may hiya ay may dangal na pagkatao. Kapag hindi tao at hindi nagpapakatao ito ay walang hiya. Ang hayop ay walang hiya dahil walang katibayan ng umusbong ni umunlad na unawa ng kapuwa at ng sariling kalooban. Sa ugnayang pantao umuusbong ang unawa sa hiya, simula pa ito sa sinapupunan dahil tao ang dala doon, kaya nga anila nagdadalantao ang isang ina. Hindi nga ba at sinasabing 'daig ka pa ng bata' kung hindi ka marunong mahiya sa kanya dahil ang bata malakas ang hiya kaya nagkukubli pa nga sa kaniyang ina kung ika'y kaniyang makita at di ka niya makilala. Hanggang sa huling hininga ay may tao at kahit pa pumanaw na sa paningin may labi ito na binibigyang-galang sa lamay. 'Mahiya ka naman sa kaniyang burol' ang samo sa iyo maging anoman ang dahilan ng galit mo sa yumao ay pigilin mo ito sa harap ng kaniyang labi. Ang may hiya ay may galang kahit pa sa bangkay.

Ang katagang hiya sa Tagalog ay huya naman sa salitang Hiligaynon. Ang Tagalog na salitang tuwid ay tarong naman sa wikang Bikol. Kaya nga ang hindi makatuwiran ay hindi rin makatarungan. Ang buot na salitang Bisaya ay bait sa katagang Tagalog. Ang mga salitang Tagalog na mabait at mabuot ng Bisaya ay iisa ang pakahulugan, ang pagiging mabuti ng tao. Ang may hiya ay may buti, may bait. Ang taong 'may bait sa sarili' ay siyang may hiya. Ang sarili ay yaong isipan na ating nasusumpungan kaya sinasabi natin 'sarili ko' tumutukoy sa akin/ako at 'sarili mo' o tinutukoy ang iyo/ikaw. Sa mga Tagalog, ayon sa sikayatrista't propesor sa Kolehiyo ng Medisina sa Unibersidad ng Pilipinas na si Antonio Sison (nasa Abaya, Batar, Pascual, at Vazquez, 2016), ang isang tao ay nababaliw

kapag tinatakasan o nasisiraan ng kaniyang sariling bait. Manapa'y mawawaglit ang hiya sa pagtakas ng bait. Ang tino ng isip ay larawan ng buti, ng bait na mga bahaging bumubuo sa pagkatao may hiya, may dangal. Pansinin ang mga tinatawag nating baliw (Tagalog) o buang (Bisaya) na hindi na alintana ang init o lamig, tatawa-iiyak, hubo't hubad at wala nang pakialam sa kung kaninoman, salat na sa muni. Masasabing nawawaglit nga ang hiya, nasiraan na nang kaniyang bait o tumakas itong pansamantala. Ang mga salitang gamit natin para ilarawan kung ano ang nangyayari sa ating bait at buti, ay sira at takas dahil maiaayos ito o maibabalik pa. Kapag naipanumbalik ang tino sa tao ay muling naibabalik nito ang hiya.

Sa atin, kapag sabihing 'huwag nang mahiya,' 'huwag nang magkahiyaan' o kaya'y 'wala nang hiyaan' badya nito ang pagkilala ng bawat isa sa kaniyang kapuwa na may pagkakapantay. Subalit kung may nararamdamang pangingimi sa kapuwa para sa kaniyang pagpapahayag ng damdamin, saloobin, o isipan sa isang sitwasyong sosyal o political, sinasabi sa kaniyang 'huwag na siyang mahiya' sapagkat napakiramdaman naman ito ng kaniyang kapuwa. Itong hiya'y nasa dimensiyong sosyal. Samantala, kung sabihing 'walang hiya' ang tao, ipinakakahulugan nitong ekspresyon ang kawalan ng dangal ng tinuran nito. Halimbawa'y kung pagsamantalahan ang iba, sasabihing siya nga'y walang hiya, hindi kinilala ang kapuwa. Para sa 'walang hiya,' ayon kina Jose Antonio Clemente ng Unibersidad ng Pilipinas, Adrianne John Galang, at Alessandra Arpon ng De La Salle University, hindi mahalaga para sa kaniya na malaman kung paano siya makikita ng ibang tao. Ito ay bahagi ng kongklusyon ng kanilang emperikal na pagsusuri sa paunang pagpapatibay nila sa Panukat ng Hiya Bilang Isang Pagpapahalaga (nasa Aguirre at Navarro, 2017). Kanila pa ngang napagtibay na may ugnayan ang hiya sa pagtupad sa mga panuntunan, pagbibigay-daan o pagtulong sa iba (accommodative), pati ang pagtitimpi o pagpigil sa/ng sarili (inhibitory). Badya ang moral na dimensiyon ng hiya dahil giya ang hiya sa hindi lang kawastuhan ng kilos sa lipunan kundi pagkilala sa kapuwa.

Marunong nang mahiya! Iyan nga ang sinasabi kapag ang bata ay may sarili ng bait. Sa murang gulang pa nga lamang ay pansin na ito. Ang malapit na emosyong tanda ng pagkakaroon na ng hiya na siyang napupuna sa bata ay malapit sa anxiety sa wikang Ingles. Ang mga Tagalog na salitang maaaring kaugnay na emosyon ng hiya ay balisa, bahala, at bagabag. Ang hindi na nababalisa, nababahala, o nababagabag manapa ay nawawalan ng hiya o tuluyan nang nawalan ng hiya. Kaugnay pa nitong hiya itong tiwala dahil kapuna-puna sa iuugali ng isang musmos na nagpapakita ito ng hiya kaya lalong mahigpit na kakapit sa kaniyang ina sakaling may hindi siya kakilala na lumapit sa kanya. Hindi mo maipagkatiwala ang anoman sa isang walang hiya dahil ito nga'y mandaraya kundi ma'y maninila ng kaniyang kapuwa. Manapa, may halang ang kaluluwa sa mga taong hiwalay ang katawan sa katauhan kaya nga kahit may mukha ay wala namang hiya.

Ngayong naiugat natin sa kinagisnang kaisipan na isang haligi ng ating pagpapakatao ang hiya, na isa ring pakiramdam, ito ang siyang nasa hulog (pamantayan o pampantay) ng pagtutunguhan at pagtuturingan sa ating ginagalawang lipunan. Itong hiya kung siyang paiiralin sa pananaliksik panlipunan ay gamitin natin sa paglalatag ng mga patakaran pang-etika, na mula sa pagbubuo ng pagtitiwala sa kalahok sa pag-aaral sa pamamagitan ng pakikipagpalagayang-loob hanggang sa pakikiisang-loob na may paglalaan lalo na para sa kapakanan ng kapuwa. May maimumungkahing dalawahing mukha para sa ating etika ng pananaliksik sa mga agham panlipunan na lapat sa ating pagpapakatao (kalooban, ginhawa, dangal) pati ang lapit ay ang pakikipagkapuwa natin (hiya, pakikiramdam). Halaw ang unang mungkahi mula kay Jose M. de Mesa sa kaniyang contextual interpretation sa penomeno ng pandaraya na katapat ng konsepto ng mga Kristiyano na kasalanan (sin). Aniya, paglabag kasi itong pandaraya sa kapuwa, ito'y katibayan ng hiya na waglit o wala. Sa elaborasyong semantiko na kaniyang ginawa, natukoy niya na kompara sa kasalanan (Tagalog ng sin) na maaaring nagawa kahit walang intensiyon ang nagkasala, ang pandaraya ayon sa kanya ay sinasadya. Pansinin sa mga salitang pandaraya sampu ng mga kahawig nito ang kahulugan tulad ng panloloko, panlilinlang, o panlalamang ay pawang nagbabadya na sadya at may kusa sa paggawa ng mali o masama sa kapuwa. Dagdag pa ni de Mesa, imposible sa wika natin ang sabihing napadaya, napaloko, napalinlang, o napalamang (ako). Ang hirap namang sabihin ng may pagkatao na siya'y nagpadaya, nagpaloko, nagpalinlang o nagpalamang. Wala ito sa kaniyang katinuan, wala sa sarili. Bagkus sinasabi niyang siya'y nagparaya o nagpaubaya na lamang sa kaniyang kapuwa dahil ito ang marangal at hindi nga ang magpadaya. Mapapansin din sa halimbawa ng salitang panalo (mula sa pantalo)

na may kapuwa kang hinigitan, natalo o tinalo kaya nga sinasabing 'talo-talo na.' Mula sa pagpapalawig na ito ni de Mesa, masasabi natin na kapag may hiya sa pananaliksik, walang puwang ang pandaraya sa kapuwa. Sa madaling sabi, kung may hiya sa etika ng pananaliksik lalo na sa agham o mga araling panlipunan ito'y laan para sa kapakanan at pagsulong ng tao at lipunan. Ang kapakanan ng kapuwa (hal. mula sa tala ng GT) ang siyang mauuna at minamahalaga at hindi ang kita, katanyagan, at kapangyarihan ng mananaliksik kung siya ma'y may hiya.

Ang pangalawang mungkahi sa etika ng pananaliksik ay buhat naman sa natisod ng sosyolohistang si Dennis S. Erasga (2016) ng De La Salle University sa magagamit na metodo na nakaangkla sa lapit ng pakikipagkapuwa gamit ang pakiramdam. Nauna na ring tinukoy ang pakiramdam ng mga sikolohistang sina Santiago at Enriquez (nasa Pe-Pua 2011) bilang isa sa ating mga pamamaraan ng pananaliksik o paghahagilap ng paliwanag o sa pagbubuo ng kahulugan sa ating karanasan. Ang pakikiramdam ay bahagi ng iskala sa binuo nilang Modelo ng Maka-Pilipinong Pananaliksik noong dekada otsenta pa nang nakaraang dantaon. Inihanay nila itong pakikiramdam sa Iskala ng Mananaliksik. Ang ikalawang iskala ng modelo ay yaong sa Iskala ng Pagtutunguhan ng Mananaliksik at Kalahok kung saan may antasan ang interaksiyon ng gumagawa ng pag-aaral at ang kanilang isinasali sa pananaliksik. Sa gayon, ang mananaliksik ay marunong makiramdam upang makapanaliksik o makapagsagawa ng pag-aaral sa loob ng kultura at kontekstong Pilipino. Balikan natin ang panukala ni Erasga sa gamit din ng pakiramdam sa inuunawang iniuugali pati pagdalumat para sa saysay ng mga salaysay pati sanaysay ng buhay-tao. Una, sabi ni Erasga, sa pagdalumat (ang dalumat na tinugaygay niya mula sa sinaunang diksyunaryong Tagalog na ang kahulugan ay magdusa, magbuo, mag-aliw) o sa pagbuo ng alaala sa karanasan, ang pakiramdam ang siyang daraanan dito. Pakiramdaman ang itinawag niya sa pamamaraang ito na ang mananaliksik ay kapantay ng kalahok ang katayuan sa sitwasyong parehong nagpapalitan ng impormasyon o ideya ang kalahok at ang mananaliksik, na tinuran na rin nina Santiago at Enriquez. Mangyari'y sa kontekstong Pilipino na may kapuwa, ang interaksiyon sa pagitan ng dalawa o higit pang mga tao na nasa parehong sitwasyong kinalalagyan ay nagtatantiyahan sa isa't isa o nagpapakiramdaman nga. Samakatuwid, hindi nangyayaring pasibo lamang ang kalahok sa pananaliksik at ang mananaliksik ay siya lamang ang aktibo rito at may kontrol ng mga pangyayari. Kung gayon ang pakiramdaman na nagaganap sa tuwina sa pagitan ng dalawa o higit pa, na bukod sa ipinag-iisa ang mga paraang tradisyonal na obserbasyon at eksperimentasyon, ay iba talaga sa mga metodong siyentipikong ito na pawang mga positibistang pamamaraan ng pagtuklas. Dagdag pa ni Erasga na "ang pakiramdaman ay hindi ginagawa para kumuha lamang ng datos." Aniya, "sa halip, ginagawa ang pakiramdaman upang kumuha at maghatid ng mga pahiwatig. Kaya aniya pa "ang pakiramdaman ay isang mapanghimasok na pamamaraan." Samakatuwid, intrusibo ang pagsali sa kapuwa sa isang pananaliksik, manapa sa pagkuha ng anomang impormasyon sa kanya kahit pa bago hingian siya ng informed consent. Sa pakiramdaman, batid ng inilalahok sa pananaliksik ang panghihimasok. Sa ganito, maihahanay sa mapagmumunihang mukha ng ethics ang paggamit ng pakiramdaman na bukod sa bagay sa ating karanasang kultural ay akma sa ating ginagalawan pati kinaroroonan. Sa pananaliksik pang-agham panlipunan at pang-humanidades (social science research/ humanities), kailangang makiramdam kaya ipinauunang lagi ang pagsasabi na 'maaari po bang magtanong-tanong, makipagkuwentuhan, o makipagtalakayan?' (Javier 2012).

Namataan natin sa simula ang mga umiiral nang alituntunin pati patakaran na pang-etika sa pananaliksik sa mga agham panlipunan na may mga aspektong pansarili na tatluhan – pang 'ako,' 'pag-ako,' at pangako at may mga aspekto pang panlipunan na dalawahan – interaksiyon (turingan o tunguhan) at direksiyon (tunguhin). Nakita natin na may ilang kabahalaan at usapin pa sa pagtalima sa etika sa pagsasagawa ng pananaliksik bunga ng mabuway na katig na pinaninimbangan nito. Sinundan natin ng tanaw ang mga giya na nariyan na sa atin na magiging mas matatag na katig sa pagbubuo ng ating etika para sa paglalayag sa humanidades at pananaliksik sa mga agham panlipunan. Ang hiya na nasasadanas, dama, at diwa natin ang siyang natisod sa daan, na naroon na noon pa man hanggang sa kasalukuyang panahon. Itong hiya, na ating pananda para sa pagtitiyak ng akma't angkop na tuntunin ng pananaliksik sa kontekstong atin, ang siya ring katig natin sa paninimbang kung nasa hulog ang pasiya sa matuwid at wasto. Ang tuon ng pag-aaral ay higit sa pansariling kapakinabangan bagkus ito ay para sa kapakanan lalo't ng kapuwa.

Muli't muling maitatanong kung nasaan na nga ba ang hiya sa etika ng pananaliksik na Pilipino. Ano ba't may hiya tayong hinahanap sa ating pagdadalubhasa, sa pagiging mananaliksik at iskolar.

## SANGGUNIAN


ADB Technical Note - Moving Toward Knowledge-Based Economies: Asian Experiences 2007. Retrieved January 24, 2020.Web.https://www.adb.org/sites/default/files/publication/29699/knowledge-based-economies.pdf

Aguiling-Dalisay, Grace H., Yacat, Jay A. and Navarro, Atoy M. (2004) Extending the Self: Volunteering as Pakikipagkapuwa. Center for Leadership, Citizenship, and Democracy, National College of Public Administration and Governance, University of the Philippines. Print.

Alejo, Albert E. (1990) Tao Po! Tuloy! Isang Landas ng Pag-unawa sa loob ng Tao. Office of the Research and Publications, School of Arts and Sciences, Ateneo de Manila University: Quezon City. Print.

Bartolome, Jose M. F. (1985) 'Ang etika ng makamasang pananaliksik laban sa makabanyagang kamalayan' (Ethics of people-oriented research against colonial consciousness) pp 440-449 nasa Pe-Pua, Rogelia (Ed.) (2018) Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino Bolyum 1: Perspektibo at Direksiyon (Handbook of Filipino Psychology) Volume 1: Perspectives and Methodology. The University of the Philippines Press. Print.

Bautista, Violeta (1999) Gamit at etika ng sikolohiyang pangrelihiyon p.80-96 nasa Protacio-Marcelino, E. at Pe-Pua, R. (eds) Unang Dekada ng Sikolohiyang Pilipino: Kaalaman, gamit, at etika. Lungsod ng Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. Print.

Bulatao, Jaime C. (1964) Hiya. Philippine Studies Vol. 12, No. 3, pp. 424-438. Print.

Clemente, Jose Antonio R., Galang, Adrianne John R., at Arpon, Alessandra T. (2017). 'Sino ang may hiya at sino naman ang wala? Paunang pagpapatibay sa panukat ng hiya bilang isang pagpapahalaga' nasa Aguirre, Alvin C. at Navarro, Atoy M. (Mga Patnugot) Diwa E-Journal Tomo 5, Nobyembre 2017.Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. Print.

Covar, Prospero R. (1993) Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 2015. Na-retrieve January 24, 2020. Web. https://journals.upd.edu.ph.

Crisanto, Ma. Trinidad (1999) Etika ng sikolohiyang pangkalusugan p.120-122 nasa Protacio-Marcelino, E. at Pe-Pua, R. (eds) Unang Dekada ng Sikolohiyang Pilipino: Kaalaman, gamit, at etika. Lungsod ng Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. Print.

Dagmang, Ferdinand D. (1996). Hiya: Daan at Kakayahan sa Pakikipagkapuwa. MST Review (Introductory Issue). pp. 66-90 Maryhill School of Theology, Quezon City. Print.

De Mesa, Jose M. "Pandaraya" As Sin: A Contextual Interpretation. Retrieved January 21, 2020. Web. http://www.philjol.info/index.php/HAPAG/article/view/653/philjol

Enriquez, Virgilio G. (1978). 'Kapuwa: A core concept in Filipino Social Psychology (Kapuwa: Isang buod na konsepto sa sikolohiyang panlipunang Pilipino) pp. 287-292 nasa Pe-Pua, Rogelia (Ed.) (2018) Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino Bolyum 1: Perspektibo at Direksiyon (Handbook of Filipino Psychology) Volume 1: Perspectives and Methodology. The University of the Philippines Press. Print.

Enriquez, Virgilio (1992). From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press. Print.

Enriquez, Virgilio G. at Alfonso, Amelia B. Ang Pananaw sa Buhay at Weltanshauung na Mahihiwatigan sa Sikolohiya ng Wikang Tagalog retrieved January 22, 2020. Web.https://www.asj.upd.edu.ph/

Erasga, Dennis S. (2015). Pakiramdaman: Isang Maka-Pilipinong Lapit sa Pagdadalumat sa Sosyolohiya (Pakiramdaman: A Filipino Brand of Reflective Inquiry in Sociology). Humanities Diliman: A Journal on Philippine Humanities. January-June 2015, Vol. 12, No. 1. UP Diliman OVCRD. Print.

Fuderanan, Clara H. "The Department of Health Existing Drug Policy Initiatives and Anti-Illegal Drug Programs and Activities." Social Development Research Center 38th Anniversary Forum, July 26, 2017, De La Salle University, Manila. Print.

Garcia, Leni DLR. (Ed.) (2013). Tao Po? Readings in Philosophy of Person. C & E Publishing, Inc.: Quezon City. Print.

Javier, Roberto E. Jr. (2012) Pakikipagkapuwa: Pilipinong Lapit sa Pananaliksik. De La Salle University, Academic Publishing Office and Central Book Supply

Javier, Roberto E. Jr., Demeterio III, Feorillo Petronilo A., Habaradas, Raymund B., Jabar, Melvin A., and Ron R. Resurreccion (2014). From Exceptionality to Exceptional: Inclusion of Differently Abled Persons in the Workplace. UNILAB Foundation and De La Salle University Publishing House. Print.

Javier, Roberto E. Jr. at Tarroja, Ma. Caridad H. (2015). Improving Program Access and Program Coverage for Key Populations in the Philippines: Geographical and Programmatic Mapping Study in Quezon City. Unpublished Research Report of Social Development Research Center - De La Salle University, Manila for the Family Planning Organization of the Philippines, Inc. (FPOP) and UNAIDS, Manila. Print.

Javier, Roberto E. Jr., Tiongco, Marites, at Jabar, Melvin A. (2019). 'How Health Literate are the iGeneration Filipinos? Health Literacy Among Filipino Early Adolescents in Middle Schools' Asia Pacific Social Science Review 2019 Vol. 19 No. 3 pp. 16-29. De La Salle University Publishing House. Print.

Macapagal, E.J., Ofreneo, M.A.P., Montiel, C.J. & Nolasco, J.M. (2013). Social Psychology in the Philippine Context. Quezon City: Ateneo De Manila University Press. Print.

Mataragnon, Rita H. (1979) The Case for an Indigenous Psychology. Philippine Journal of Psychology Vol. 12, No. 1, pp. 3-8. Print.

Melgar, Isabel and Javier, Roberto E. Jr. (2015). Strengthening of Peer Education on HIV/AIDS. Unpublished Research Report of Ateneo School of Medicine and Public Health for AIDS Society of the Philippines. Print.

Reyes, Jeremiah A. (2016). In Defense of Hiya as a Filipino Virtue. Journal of Asian Philosophy Vol. 26, Issue 1. Print.

Salazar, Zeus A. (1981) Wika at Diwa: Isang Pansikolinggwistikang Analisis sa Halimbawa ng Konsepto ng "Hiya." nasa Ulat ng Ikalabindalawang Seminar sa Sikolohiya ng Wika: Kasalukuyang Kalakaran ng mga Pagsusuri sa Sikolohiya ng Wika. Inedit ni Susan Cipres-Ortega. National Computer Center, Camp Aguinaldo, Quezon City. Print.

Santiago, Carmen E. at Enriquez, Virgilio G. (1976) Tungo sa Maka-Pilipinong Pananaliksik (Towards Filipino-oriented Research) p. 411-415 nasa Pe-Pua, Rogelia (Ed.) (2018) Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino Bolyum 1: Perspektibo at Direksiyon (Handbook of Filipino Psychology) Volume 1: Perspectives and Methodology. The University of the Philippines Press. Print.

Sison, Antonio C. 'Sira ulo, nawala sa sarili, at baliw: Developing a model of psychological functioning from Tagalog terminologies for psychosis' nasa Abaya, Eufrocio C., Batar, Maria Imelda B., Pascual, Marissa B. & Anna

Vazquez (2016) Tagalog Notions of Mental Illness and Healing. Central Book Supply, Inc. Quezon City. Print.